

SAMPLE, para sa reperensiya lamang ang pahinang ito.

EDD Call Center
PO Box
LUNGSOD CA ZIP CODE



Petsa ng Pag-mail: **00/00/0000**

Pang-opisina na Paggamit Lamang: **000000000**

PANGALAN NG CLAIMANT
TIRAHAN NG CLAIMANT
CA ZIP CODE NG LUNGSOD

Mga Numero ng Telepono ng EDD:

Ingles 1-800-300-5616

Spanish 1-800-326-8937

Cantonese 1-800-547-3506

Mandarin 1-866-303-0706

Vietnamese 1-800-547-2058

TTY (nonvoice) 1-800-815-9387

website: www.edd.ca.gov

ABISO SA PAGGAWAD NG INSURANCE SA KAWALAN NG TRABAHO

Ang Abisong ito ay hindi isang pangwakas na desisyon kung ikaw ba ay kwalipikadong tumanggap ng mga benepisyo sa Insurance sa Kawalan ng Trabaho o Unemployment Insurance (UI). Suriin nang mabuti ang Abisong ito upang masiguro na wasto ang impormasyon tungkol sa iyong employer at sa iyong suweldo na nasa talahanayan sa ibaba. Tingnan ang likod ng Abisong ito para makita ang impormasyon tungkol sa ilang mga dahilan kung bakit maaaring walang sahod ang ipinapakita sa talahanayan sa ibaba at para sa ibang mga instruksiyon, kabilang kung ano ang gagawin mo kung hindi ka sumasang-ayon sa anumang impormasyon sa talahanayang ito o kung sa tingin mo ay may kulang na impormasyon sa talahanayan.

- | | | | |
|-----------------------------------|------------|------------------------------------|------------|
| 1. Petsa sa Pagsisimula ng Claim: | 00/00/0000 | 2. Petsa sa Pagtatapos ng Claim: | 00/00/0000 |
| 3. Pinakamataas na Halaga ng | \$0000 | 4. Lingguhang Halaga ng | \$000 |
| 5. Kabuuang Sahod: | 00,000.00 | 6. Pinakamataas na Kita sa Tatlong | 0,000.00 |

7. Ang item na ito ay hindi nalalapat sa iyong claim. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang item 7 sa likod.

8. **Dapat kang maghanap ng full time na trabaho kada linggo.** Para sa higit pang impormasyon, sumangguni sa handbook na, *A Guide to Benefits and Employment Services*, DE 1275A, na makikita online sa www.edd.ca.gov/forms/.

9. Ang item na ito ay hindi nalalapat sa iyong claim.

10. Ang Paggawad ng Claim na Ito ay kinakalkula batay sa (Standard o Alternatibo) Batayang Panahon.

11. Pangalan ng Empleyado:	12. Kita ng Empleyado para sa Pagtatapos ng Tatlong Buwan:				13. Pangalan ng Employer:
	Buwan/Taon	Buwan/Taon	Buwan/Taon	Buwan/Taon	
Pangalan ng	0,000	0,000	0,000	0,000	ABC CO
14. MGA	0,000	0,000	0,000	0,000	

Mahalagang Impormasyon Sa Susunod na Pahina

ANG SAHOD MO BILANG EMPLEYADO AY MAAARING MAGPAKITA NG “\$0” AT/O MAAARING WALA ANG EMPLOYER SA TALAHANAYAN SA KABILANG BAHAGI NG ABISONG ITO KUNG:

- Kailangang beripikahin ng EDD ang iyong pagkakakilanlan. Sa kasong ito, magpapadala ang EDD sa iyo ng Hiling Para sa Beripikasyon ng Pagkakakilanlan, at dapat mong sundin ang mga instruksiyon sa pormang ito para ituloy ang iyong claim.
- Naiulat ang kinita mo sa ilalim ng isang hindi wastong SSN. Sa kasong ito, makipag-ugnayan sa EDD. (Tingnan ang instruksiyon sa ibaba.)
- Nagtrabaho ka para sa isang pederal na ahensiya at bineberipika na ang sahod. Sa kasong ito, magpapadala ng mail sa iyo ang EDD ng isang Binagong Abiso ng Paggawad kapag naberipika na ang sahod o makikipag-ugnayan sa iyo sa pamamagitan ng mail kung kinakailangan ang karagdagang impormasyon mula sa iyo.
- Nabigo ang employer mo sa pag-ulat ng iyong kinita. Halimbawa, maaaring maging ganito ang kaso kung ang employer mo ay tinawag kang isang nagsasariling kontratista at inisyuhan ka ng 1099 form ng buwis. Sa kasong ito, makipag-ugnayan sa EDD. (Tingnan ang instruksiyon sa ibaba.)

KUNG HINDI KA SUMASANG-AYON SA IMPORMASYONG NASA TALAHANAYAN SA KABILANG BAHAGI NG ABISONG ITO, kabilang ang:

- Nawawala o hindi wasto ang iyong mga sahod.
- Hindi nakalista ang isang employer, o may nakalista na isang employer kung saan hindi ka nagtrabaho (at hindi ka naging isang empleyado ng pederal).

KUNG GAYON DAPAT KANG MAKIPAG-UGNAYAN SA EDD sa pamamagitan ng pagpapadala ng mail ng sulat sa mailing address ng EDD na nasa kabilang bahagi ng Abisong ito sa loob ng 30 araw sa kalendaryo mula sa "Petsa ng Mail" na nakasulat sa itaas ng Abisong ito. Kung hindi ka makikipag-ugnayan sa EDD sa loob ng 30 araw, maaaring mawala ang pagkakataon mong ipaalam sa EDD na dapat imbestigahan ang iyong claim upang matukoy kung dapat bang palitan ng ibang halaga ang igagawad sa iyo. Maaaring pahabain ng EDD ang 30 araw na ito sa mabuting rason.

MANGYARING IBIGAY ANG:

- Iyong buong pangalan, address, at Social Security number, at
- Katibayan ng mga sahod (kabilang ang W-2 o 1099, mga payslip, resibo ng pera o ibang dokumento na nagpapakita ng mga kinita mo) at kahit anong impormasyon sa trabaho na gusto mong idagdag sa iyong claim, o
- Kung hindi ka nagtrabaho para sa isang employer na nasa talahanayan, isang pahayag na hindi ka nagtrabaho para sa isang nakalistang employer.

MAHALAGA: Kung hindi maipalam sa EDD ang anumang hindi tamang impormasyon sa trabaho o sahod na nasa kabilang bahagi ng Abisong ito, maaari kang mapailalim sa isang labis na bayad, at may ibang mga diskwalipikasyon at multa kung sasadyain mong magtago ng impormasyon.

ANG SUMUSUNOD AY KARAGDAGANG IMPORMASYON PARA SA BAWAT ITEM NA NAKALISTA SA KABILANG BAHAGI NG ABISONG ITO:

1. Ang petsa na magsisimula ang iyong claim.
2. Ang petsa na magtatapos ang iyong claim.
3. Ang kabuuang halaga ng pera na matatanggap mo mula sa claim na ito.
4. Ang pinakamalaking halaga na maaaring ibayad sa iyo sa bawat linggo, kung maabot mo ang mga lingguhang kinakailangan sa para maging kwalipikado.
5. Ang kabuuang halaga ng mga kinita na iniulat ng (mga) employer sa panahaon ng tatlong buwan na nasa talahanayan para sa item 12. Ginamit ang mga kinitang iyon para kalkulahin ang pinakamalaking halaga ng benepisyo mo.
6. Ang tatlong buwan sa kalendaryo na nakalista sa talahanayan para sa item 12 na may pinakamalaking halaga ng mga kinita. Ang mga kinitang ito ang tutukoy sa halaga ng iyong lingguhang benepisyo.
7. Ang nakalistang halaga, kung naaangkop, ay ang iyong premyo na wala ang sahod na kinita mula sa pampubliko o nonprofit na paaralan. Kung nagtrabaho ka sa isang pampubliko o nonprofit na paaralan sa alinmang tatlong buwan na nakalista sa talahanayan para sa item 12, hindi mo maaaring gamitin ang mga sahod na iyon sa iyong claim sa panahon na walang pasok.
8. Sa ilalim ng batas, dapat gawin mo ang lahat ng pagsisikap upang maghanap ng trabaho kapag nagki-claim ng mga benepisyo.
9. Hinihingi ng Unemployment Insurance Code (Section 1277) na magtrabaho ka sa pagitan ng mga petsa ng pagsisimula at pagtatapos bago ang pag-claim upang magkaroon ng may bisang claim para sa susunod na taon. Kung ito ay nalalapat sa iyong claim, makakatanggap ka ng karagdagang mga tagubilin.
10. Ang uri ng batayang panahon na ginamit para patunayan ang iyong claim; maging ito ang Pamantayan na Batayang Panahon o ang Alternatibo na Batayang Panahon.
11. Ang pangalan na ginamit ng iyong (mga) employer upang iulat ang iyong mga kinita sa EDD sa panahon ng bawat tatlong buwan sa kalendaryo na nakalista.
12. Ito ang mga maaaring magamit na mga sahod para sa mga layunin ng UI na iniulat ng (mga) employer mo na iyong kinita sa panahon ng bawat tatlong buwan na nakalista. Ang bawat 'quarter' ng kalendaryo ay sumasaklaw sa tagal na tatlong buwan. Ang mga kinitang ito ang tutukoy sa halaga ng mga benepisyong igagawad sa iyo.
13. Ang (mga) pangalan ng (mga) employer na pinagtabahuan mo sa panahon ng mga 'quarter' sa kalendaryo na nakalista sa talahanayan para sa item 12.
14. Ang kabuuang halaga ng mga kinita na iniulat ng lahat ng employer sa bawat tatlong buwan sa kalendaryo na nakalista sa talahanayan para sa item 12.

RESPONSIBILIDAD MO na alamin ang nilalaman ng *Unemployment Insurance Benefits: What You Need To Know* (DE 1275B), AT ang nilalaman ng handbook, *A Guide To Benefits And Employment Services*, (DE 1275A). Ang parehong publikasyon ay ipinapaliwanag ang iyong mga karapatan at responsibilidad sa kawalan ng trabaho at makikita ito sa edd.ca.gov/forms/.

Upang makatanggap ng Mga Benepisyo sa UI, sa una ay dapat kang magpatunay para sa mga benepisyo at pagkatapos ay sa bawat dalawang linggo gamit ang isa sa mga sumusunod na paraan: UI OnlineSM, EDD Tele-CertSM, o magsumite ng dokumento *Continued Claim Form*, (DE 4581). Para sa higit pang impormasyon sa pagpapatunay para sa mga benepisyo, tingnan ang DE 1275 handbook na makikita sa edd.ca.gov/forms/.

PAANO KANSELAHIN ANG ISANG UI CLAIM

Mayroon kang opsyon na ikansela ang iyong claim pagkatapos matanggap ang Abisong ito. Kung gusto mong kanselahin ang iyong claim, kailangan mong makipag-ugnayan kaagad sa EDD. Huwag magpatunay para sa mga benepisyo ng UI. Pinapayagan ka lamang ng batas na kanselahin ang isang UI claim kung walang nabayarang mga benepisyo, walang abiso para sa pagkawala ng karapatan ang nai-mail sa iyo, walang labis na bayad ang naibigay sa claim, at ang taon ng benepisyo ng iyong claim ay hindi pa nagtapos. Kung nakansela na ang claim, hindi na ito maaaring buksan ulit.